

<sup>17</sup>Nasa piling mo si Yaweng iyong Diyos,  
ang bayaning makapagliligtas.  
Lulundag siya sa tuwa dahil sa iyo,  
mamahalin ka niya nang panibago;  
sisigaw siya sa galak dahil sa iyo,  
at magdiriwang na parang piyesta.

<sup>18</sup>Ilalayo ko sa iyo ang pagbabanta,  
ang kahihiyang pabigat sa iyo.

<sup>19</sup>Sa panahong iyon, lilipulin ko lahat ng  
umaapi sa iyo.

Ililigtas ko ang pilay, at titipunin ang pina-  
ngalat;

pupurihin ko sila at pararangalan  
sa lahat ng lupaing sila'y hiniya.

<sup>20</sup>Sa panahong iyon, magmamagandang-  
loob ako sa inyo


kapag tinipon ko kayo.

Patatanyagin ko kayo at pupurihin

sa buong sangkatauhan,

kapag ibinalik ko ang mga itinapon sa  
inyo.

Kayo mismo ang makakakita – sabi ni Yawe.



# AGEO

Si Ageo ang nangunguna sa mga propeta pagkatapos ng Pagkatapon. Ipinahahayag ng tatlong propetang ito – sina Ageo, Zacarias at Malakias – ang salita ng Diyos sa isang ganap na bagong panahon. Inilantad at tinuligsa ng mga naunang propeta ang mga kasalanan ng Israel at ibinalita ang nalalapit na Paghuhukom. Pero ngayon, pagkatapos ng mga pagsubok sa pagkawasak ng Jerusalem at ng Pagkatapon sa Babilonia, kailangang itayong muli ng pamayanang Judio ang kanilang bansa. At dito hinihingi ng mga propeta na ang Templo muna ang dapat na itayong muli.

Tiyak na kailangan munang paglingkuran ng mga Judio ang Diyos, at gayon din para sa atin, bago hingin sa kanya na lutasin ang kanilang mga problema. Pero propetiko sa ibang kahulugan ang mensahe ni Ageo: sinisimulan nito ang isang bagong yugto sa Banal na Kasaysayan kung saan lalago at magbubunga ang sambayanang Judio mula sa pagiging tapat nito sa Batas at sa pagsamba. Ang Templo na ang Tahanan ng Diyos sa gitna ng kanyang bayan, pero kailangan pa rin nilang hintayin ang mahiwagang pagdating ng Diyos sa araw na dumaan siya para dalawin ang kanyang bayan.

### Laban sa mga taong sariling bahay lamang ang iniisip

**1** <sup>1</sup>Sa ikalawang taon ng paghahari ni Dario, sa unang araw ng ikaanim na buwan, dumating kay Propeta Ageo ang salita ni Yawe para bilinan si Zoro-

babel na anak ni Sealtiel, na siyang gobernador ng Juda, at si Josueng anak ni Yosadak, na Punong-pari.

<sup>2</sup>“Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: Ipinapalagay ng bayang ito na hindi pa dumarating ang panahon para

itayong muli ang Bahay ni Yawe. <sup>3</sup>Kayat ngayo'y pakinggan ninyo ang sasabihin ko sa pamamagitan ni Propeta Ageo: <sup>4</sup>Dumating na ba ang panahon para tumira kayo sa mga naggagandahang tahanan samantalang isang bunton ng mga guho ang Bahay na ito? <sup>5</sup>Isipin ninyo ang inyong sinapit: <sup>6</sup>marami kayong inihasi pero kakaunti ang inyong inani, kumain kayo at uminom pero hindi nabusog, nakadamit na nga kayo pero gininaw pa rin, at itinabi naman ng trabahador ang kanyang kita sa punit-punit na bulsa.

<sup>7</sup>Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: Isipin ninyo ngayon ang dapat ninyong gawin: <sup>8</sup>umahon kayo sa bundok at maghanap ng kahoy para itayong muli ang Bahay. Ito ang makapagpapaligaya at lubos na makapagpaparangkal sa akin, wika ni Yawe. <sup>9</sup>Umasa kayo nang labis, subalit nauwi sa napakakaunti. Hinipan ko't pina-ngalat ang inyong ibinunton. Bakit? Sapagkat guho ang aking Bahay samantalang bawat isa sa inyo'y patakabong umuuwi sa sariling tahanan. <sup>10</sup>Kaya hindi umulan ang langit, at hindi namunga ang lupa. <sup>11</sup>Ipinala ko ang tagtuyot sa mga lambak at mga burol, sa mga triguhan at mga ubasan, sa langis at sa anumang tumutubo sa lupa, sa mga tao at mga hayop, at sa lahat ng gawa ng inyong mga kamay."

<sup>12</sup>At nang marinig ni Zorobabel na anak ni Sealtiel, at ng Punong-paring si Josue na anak ni Yosadak, at ng buong bayan ang mga salitang ito ni Propeta Ageo na isinugo ni Yawe para mangusap sa kanila, isinaloob nila ang sinabi ni Yawe. At nagkaroon ng pitagan sa Diyos ang buong bayan.

• **2.3** Deretsahang binibigyang-diin ni Ageo ang kaliitan ng gawang kanilang natapos. Mas mabuti na ang ganito, dahil itinayo nila ang Templo hindi para sa Templo at para ipagyabang ito, kundi para ipakita ang kanilang pagsuko kay Yawe.

*Huwag matakot sapagkat kapiling ninyo ang aking espiritu* (2:5). Nabanggit na natin na nagbubunga ng pagkakabuklod ang presensya ng Espiritu. Binibigyang-diin dito ng propeta na pinapawi ng bunga ng Espiritu ang takot.

*Pupuspusin ko ng luwalhati ang Bahay na ito.* Ang

<sup>13</sup>Agad na sinabi ni Ageong sugo ni Yawe sa bayan ang salitang ito ni Yawe: "Sumasainyo ako." <sup>14</sup>At pinasigla ni Yawe ang puso ni Zorobabel, ni Josue at ng buong bayan. Kayat sa ikadalawampu't apat na araw ng ikanim na buwan, sinimulan nila na itayong muli ang Bahay ni Yawe ng mga Hukbo na kanilang Diyos.

<sup>15</sup>Sa ikadalawampu't isang araw ng ikapitong buwan

**2** <sup>1</sup>sa ikalawang taon ng paghahari ni Dario, isinugo ni Yawe si Propeta Ageo <sup>2</sup>upang iparating kina Zorobabel na gobernador ng Juda at Josue na Punong-pari, at sa lahat ng nalabi sa bayan ang sumusunod na mensahe:

#### Ang kaluwalhatian ng bagong templo

• <sup>3</sup>"May buhay pa ba sa mga nakakita sa dating karingalan ng Bahay na ito? At ano na ang nakikita nila ngayon dito? Hindi ba't balewala na lamang ito ngayon? <sup>4</sup>Subalit sinasabi ko: huwag panghinaan ng loob, Zorobabel; huwag panghinaan ng loob, Josue ng Punong-pari; huwag panghinaan ng loob, mga tagarito. <sup>5</sup>Magtrabaho kayo sapagkat ako'y sumasainyo (bilang katuparan ng pakikipagtipan ko sa inyo nang lumabas kayo mula sa Ehipto). Huwag matakot sapagkat kapiling ninyo ang aking espiritu. <sup>6</sup>Malapit ko nang payanigin ang langit at lupa, ang dagat at ang mga kontinente. <sup>7</sup>Pagkatapos ay payayanigin ko rin ang lahat ng bansa para dalhin nila ang kanilang kayamanan. Kaya pupuspusin ko ng luwalhati ang Bahay na ito, wika ni Yawe. <sup>8</sup>Sa akin ang ginto! Sa akin ang pilak! sabi ni Yawe ng mga Hukbo. <sup>9</sup>Mas matatanyag ang templong ito kaysa dati, at pananahanin ko ang kapayapaan sa lugar na ito, wika ni Yawe ng mga Hukbo."

• <sup>10</sup>Sa ikadalawampu't apat na araw ng ikasiyam na buwan sa ikalawang taon ni Dario, muling dumating kay Propeta Ageo ang salita ni Yawe <sup>11</sup>upang hilingin nito sa mga pari na lutasin nang ayon sa Batas ang sumusunod na usapin: <sup>12</sup>"Kung ang sinuman ay magdala ng

mismong karukhaan ng Templo ang nag-iimbata sa Diyos na madalin ang panahon ng kanyang pagdalaw para pupuspusin ito ng kanyang luwalhati. Kaunting panahon na lamang at wawakasan na ng Panginoon ang pansamantalang daigdig na ito kung saan nabubuhay ang mga Judio, at itatayo niya ang kanyang kaharian.

• **10.** Ayon sa takbo ng pag-iisip ng mga tao nang panahong iyon ang tanong sa mga pari (tingnan ang paliwanag sa Lev 8:1 at 11:1): may mga bagay at mga

konsagradong karne na nakabalot sa kanyang balabal, at ang laylayan ng kanyang balabal ay sumagi sa tinapay, lutong pagkain, alak, langis, o anumang pagkain, magiging konsagradong pagkain din kaya ang lahat ng ito?” Agad silang sumagot: “Hindi.”

<sup>13</sup> Nagpatuloy si Ageo: “Subalit kung maging marumi ang sinuman dahil sa paghipo sa isang bangkay, at pagkatapos ay humipo naman sa alinman sa mga ito, magiging marumi na rin kaya ang lahat ng ito?” At sumagot ang mga pari: “Oo.”

<sup>14</sup> Kaya sinabi ni Ageo sa kanila: “Gayundin ang bansa at ang mga taong nasa harap ko, wika ni Yawe, pati ang lahat nilang gawa at lahat nilang handog sa akin sa lugar na ito: ang lahat ay marumi.

<sup>15</sup> At ngayon, alalahanin ninyo ang nangyari bago nagsimula ang muling pagtatayo ng Templo. <sup>16</sup> Umasa kayong makaiipon ng dalawampung sako ng trigo, subalit nagkaroon lamang kayo ng sampu. Inisip ninyong makakuha ng limampung takal na alak, ngunit may dalawampung lamang. <sup>17</sup> Sinira ko ng tagtuyot, amag at yelo ang inyong pinagpaguran, ngunit hindi

kayo nagbalik sa akin, sabi ng Panginoon.

<sup>18</sup> Kaya makinig kayong mabuti mula ngayon (mula sa araw na ito ng Disyembre sa paglailagay ng unang bato sa Santuwaryo ni Yawe).

<sup>19</sup> Tingnan kung kulang pa ng trigo ang kamalig, at hindi pa namumunga ang mga ubas, mga igos, mga iba pang puno at mga olibo. Pagpapalain ko kayo mula ngayon.”

#### **Mga pangako kay Zorobabel**

• <sup>20</sup> Muling kinausap ni Yawe si Ageo sa ikadalawampung't apat na araw ng buwan ding iyon <sup>21</sup> para sabihin kay Zorobabel na gobernador ng Juda: “Muli kong yayanigin ang langit at lupa.

<sup>22</sup> Gigibain ko ang mga trono ng mga hari, at wawasakin ang kapangyarihan ng mga pinuno ng mga bansa. Ibbuwal ko ang mga karwahe at mga sakay nito; gugulong sa lupa ang mga kabayo at mga mangangabayo. Magpapatayan sila. <sup>23</sup> Tinitiyak ni Yawe ng mga Hukbo: kukunin kita sa araw na iyon, Zorobabel na anak ni Sealtiel, na aking lingkod. At aariin kitang tulad ng aking pantatak at singsing sa aking daliri. Sapagkat hinirang kita, wika ni Yawe ng mga Hukbo.”

---

taong “malinis” o “banal” na makalalapit sa Diyos, at ang iba nama’y “di-malinis” o “ordinaryo” na di dapat pumasok sa Templo. At itinuturing din na nakahahawa sa pagdait o paghipo ang pagiging “di-malinis”.

Ang sumusunod ang pinakabuod: Di-malinis ang bayang ito hangga’t hindi nila nabibigyan ang Diyos ng bahay na karapat-dapat sa kanya. Kaya di rin malinis ang lahat nilang panalangin at mga pag-aalay dahil lamang sa ang mga ito’y dumaan sa kanilang mga kamay.

• 20. Tulad ni Zacarias (Zac 6:12), inakala rin ni Ageo na siguro’y si Zorobabel na inapo ni David ang Mesiyas na muling magtatayo sa bansang Israel. Hindi niya ito tahasang sinasabi pero ganito ang ipinahihiwatig sa interpretasyon sa salita ng Diyos bilang pagbati kay Zorobabel. Nagkakamali ang propeta; at ipinakikita sa pagkakamali niyang ito kung hanggang saan puwedeng magkahalo ang katotohanang galing sa Diyos at ang interpretasyon ng tao na laging puwedeng magkamali kahit na sa mga salita ng isang tunay na propeta.



Tulad ni Ageo, nakibahagi rin si Zacarias sa “muling pagtatayo” sa bayan ng Diyos at sa Templo, nang kauwi pa lamang ng mga Judio mula sa Babilonia (520 bago kay Kristo).

Sa pag-uwi nila mula sa pagkatapon, hindi nagkatotoo ang kahanga-hangang mga pangakong binitiwang ng mga propeta sa panahon ng pagkabiha nila sa Babilonia (tingnan ang Is 40-55). Kaya patuloy silang umaasa, itinuring naman ni Zacarias bilang isang sagisag ang muling pagtatayo ng Templo: nagsimula na ang isang bagong panahon, at naghahanda si Yawe para sa araw ng kanyang ganap na pagliligtas. Ang mga pangitaing bumubuo sa unang anim na kabanata ay nagtuturo sa mga Judiong nagkakatipon sa kanilang Templo na kailangan silang maghintay at maging listo para sa Araw ni Yawe.

### *Ang Ikalawang Bahagi ng Libro ni Zacarias*

Ang mga kabanata 9-14 ay gawa ng ibang propeta na nabuhay makalipas ang dalawang dantaon, maaaring sa panahon ng pagdating ng kilalang mananakop na Alejandro sa mga bansa sa Silangan. Itinuturo ng propeta ito sa mga Judio na hindi sila dapat matakot: magaganap sa gitna ng napakasakit na mga pangyayari ang tagumpay ng Diyos at ang pagdating ng kanyang paghahari.

**1** • <sup>1</sup>Sa ikawalong buwan ng ikalawang taong paghahari ni Dario, dumating ang salita ni Yawe kay Propeta Zacarias na anak ni Berekias na anak naman ni Ido:

<sup>2</sup>“Galit na galit si Yawe sa inyong mga ninuno. <sup>3</sup>Kaya sabihin mo sa bayan na ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: ‘Magbalik kayo sa akin at babalik ako sa inyo. <sup>4</sup>Huwag kayong gumaya sa inyong mga ninuno na binigyang-babala ng mga naunang propeta nang sabihin nila sa ngalan ni Yawe ng mga Hukbo: ‘Talikuran ninyo ang inyong masasamang gawa at ugali.’ Ngunit ayaw nilang makinig sa akin. Sinasabi ni Yawe: <sup>5</sup>Nasaan na ngayon ang inyong mga

ninuno? At ang mga propeta, buhay pa ba sila? <sup>6</sup>Ngunit nagkatotoo sa inyong mga ninuno ang aking mga salita at kautusang ipinagkatiwala ko sa aking mga lingkod na mga propeta. At nagsisi sila at sinabing ‘Ginawa sa atin ni Yawe ng mga Hukbo ang nararapat sa ating mga gawa at ugali gaya ng ipinasya niyang gawin.’”

#### **Ang mga pangitain**

<sup>7</sup>Sa ikadalawampu’t apat ng ikalabing-isang buwan na buwan ng Shebat, sa ikalawang taon ng paghahari ni Dario, dumating ang salita ni Yawe kay Propeta Zacarias na anak ni Berekias na anak ni Ido, sa ganitong paraan:

• **1.1** Pinagpala si Zacarias sa isang serye ng mga pangitain sa gabi. Nahahayag sa mga ito ang plano ng Diyos, na itinakda at ipinasya sa langit. Tiyak na magaganap ang mga pangyayaring ito.

– Unang pangitain, 1:7-17: parang walang anuman sa panlabas na sitwasyon ang nag-hahatid sa sinuman para isipin na palapit na ang Araw ni Yawe. Pero nagbabantay ang Panginoon at hindi kinalilimutan ang Jerusalem.

– Ikalawang pangitain, 2:1-4: nakapuwesto na ang mga puwersang wawasak sa mga kaaway nilang nasa kapangyarihang pulitikal.

– Ikatlong pangitain, 2:5-9: kung ngayo’y kailangang protektahan ng mga Judio ang Jerusalem sa pamamagitan ng mga pader, malapit nang magbigay ang Diyos ng ganap na proteksyon.

<sup>8</sup>“Sa isang pangitain sa gabi, nakita ko ang isang lalaking nakasakay sa pulang kabayo. Nasa lilim siya ng mga punong mirto sa talampas, at mga kabayong pula, kayumanggi at puti ang nasa likuran niya. <sup>9</sup>Nagtanong ako: “Ano ang mga ito, panginoon?” Sumagot ang Anghel na kausap ko: “Sasabihin ko sa iyo kung sino sila.”

<sup>10</sup>Nagsalita ang lalaking nasa lilim ng mga punong mirto: “Sila ang mga sinugo ni Yawe para maglibot sa lupa.” <sup>11</sup>At nag-ulat ang mga ito sa Anghel ni Yawe na nasa lilim ng mga punong mirto: “Nilibot namin ang buong lupa at nakitang mapayapa at tahimik ang buong daigdig.”

<sup>12</sup>Nagsalita ang Anghel ni Yawe: “O Yawe ng mga Hukbo, hanggang kailan mo pagkakaitan ng awa ang Jerusalem at ang mga siyudad ng Juda na pitumpung taon mong pinarusahan?”

<sup>13</sup>Mapang-alih na mga salita ang isinagot ni Yawe sa Anghel na kausap ko. <sup>14</sup>Humarap sa akin ang Anghel at sinabi sa akin: “Ipahayag mo ang salitang ito na sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: Lubha akong nagseselos sa Jerusalem at sa Sion, <sup>15</sup>kaya galit na galit ako sa mga palalong bansa. Noong una’y bahagya lamang ang galit ko sa Jerusalem pero pinalubha nila ang parusa. <sup>16</sup>Kaya ito ang sinasabi ni Yawe: Babalik akong may awa sa Jerusalem. Doon muling itatayo ang aking Bahay at muling gagamitin ang pising panukat sa buong Jerusalem.”

At sinabi pa ni Yawe ng mga Hukbo: <sup>17</sup>“Ipahayag din ito: Muling mag-uumpapaw ang kasaganaan sa aking mga bayan; muling aaliwin ni Yawe ang Sion at itatangi ang Jerusalem.”

#### **Ikalawang pangitain**

**2** <sup>1</sup>Tumingala ako at may nakita akong apat na sungay. <sup>2</sup>Itinanong ko sa Anghel na kasama ko kung ano ang ibig sabihin ng mga iyon. At sumagot siya: “Ang mga ito ang mga bansang nagpangalat sa Juda at Jerusalem.” <sup>3</sup>At ipinakita sa akin ni Yawe ang apat na panday, at itinanong ko naman: “Ano’ng gagawin nila?”

<sup>4</sup>Sumagot siya: “Ito ang mga sungay na nagpangalat sa Juda kung kayat walang makapangahas magtaas ng ulo. Ngunit narito ang

mga panday para takutin at ibagsak ang kapangyarihan ng mga bansang sumugod sa lupain ng Juda para pangalatin ang mga naroon.”

#### **Ikatlong pangitain**

<sup>5</sup>Muli akong tumingala, at nakita ko ang isang lalaking may hawak na pising panukat. Nagtanong ako: “Saan ka papunta?” <sup>6</sup>Sumagot siya: “Susukatin ko ang Jerusalem para malaman ang haba at luwang niyon.” <sup>7</sup>Nang paalis na ang anghel na nakipag-usap sa akin, sinalubong siya ng isa pang anghel, <sup>8</sup>at sinabi nito: “Tumakbo ka at sabihin mo sa binatang iyon: ‘Magiging siyudad na walang pader ang Jerusalem dahil sa maraming tao at hayop na naroon.’” <sup>9</sup>Sapagkat ito ang salita ni Yawe: Magiging isang pader na apoy ako sa paligid niya at kaluwalhatian naman sa loob niya.

<sup>10</sup>Sige, tumakas mula sa lupain sa hilaga, sabi ni Yawe, sapagkat pinangalat ko sila sa apat na sulok ng daigdig. <sup>11</sup>Tayo nang tumakas pasion, kayong nasa piling ng Dalagang Babilonia. <sup>12</sup>Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo matapos akong suguin ng kanyang Luwalhati laban sa mga bansang nangulimbat sa inyo: Sinumang gumalaw sa inyo’y balintataw ng aking mga mata ang kanyang ginagalaw. <sup>13</sup>Kaya, itataas ko ang aking kamay laban sa kanila, at sasamsaman sila ng kanilang mga alipin.” Kaya makikilala ninyong si Yawe ng mga Hukbo ang nagsugo sa akin.

#### **Pagtawag sa Dalagang Sion**

• <sup>14</sup>“Umawit ka at magalak, Dalagang Sion pagkat dumarating ako upang manahan sa piling mo,” sabi ni Yawe.

<sup>15</sup>“Sa araw na iyon, maraming bansa ang sasama kay Yawe at magiging bayan ko, ngunit sa iyo ako mananahan. <sup>16</sup>Magiging sariling bayan ni Yawe ang Juda sa banal na lupain. Muli niyang hihirangin ang Jerusalem.

<sup>17</sup>Huwag kumibo ang sinuman; gumigising nga’t kababangon pa lamang ni Yawe sa kanyang banal na tahanan.”

• **2.14.** Narito ngayon ang isa sa dalawang pagtawag sa mga bihag: isang imbitasyon sa kagalakan sapagkat ang Diyos ay kapiling ng kanyang bayan. Mas dapat tayong magalak dahil sa tekstong ito. Sapagkat sa Biblia, ang ekspresyong *Dalagang Sion* ay isa sa

maraming tawag sa Bayan ng Diyos, na ibig sabih’y ang Iglesia.

Nagsasalita si Zacarias tungkol sa kanya sa pangangako na patuloy at laging gagawa rito ang Diyos upang sa kanya magkabuklod ang lahat ng bayan sa lupa.



**Ikapat na pangitain: dumarating na ang Mesiyas**

**3** • <sup>1</sup>Ipinakita niya sa akin ang Punong-paring si Josue na nakatayo sa harap ng Anghel ni Yawe. Nasa kanan naman ni Josue si Satanas na handang magparatang sa kanya. <sup>2</sup>Ngunit sinabi ng Anghel ni Yawe kay Satanas: “Sansalain ka ni Yawe, Satanas! Sansalain ka nawa ni Yaweng humirang sa Jerusalem! Hindi ba’t isang nasusunog na patpat na iniligtas sa apoy ang taong ito?”

<sup>3</sup>Marumi ang suot ni Josue na nakatayo sa harap ng Anghel. <sup>4</sup>Nagsalita ang Anghel at sinabi sa mga nasa harap niya: “Hubarin sa kanya ang marumi niyang damit.” At humarap siya kay Josue at sinabi: “Hayan, inalis ko na ang iyong kasalanan. At bibihisan kita ng mahahaling damit.” <sup>5</sup>Sinabi pa niya: “Putungan ninyo siya ng malinis na turban.” Kaya pinutungan nga nila siya ng malinis na turban at binihisan siya habang nakatingin ang Anghel ni Yawe.

<sup>6</sup>Ibinigay ng Anghel ni Yawe kay Josue ang ganitong katiyakan: <sup>7</sup>“Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: Kung lalakad ka sa aking mga daan at tutupad sa aking mga tuntunin, ikaw mismo ang mamumuno sa aking Bahay at mamamahala sa aking mga patyo, at papapasakin kita para makibahagi sa mga narito. <sup>8</sup>Kaya makinig ka, Josueng Punong-pari at ang mga nakaupong kasama mo: dadalhin ko riyang ang aking lingkod, ang Usbong. <sup>9</sup>Hayan, ang batong inilagay ko sa harap ni Josue – isang batong may pitong mata. May iuukit ako mismo rito at aalisin ko sa isang araw ang kasalanan ng lupaing ito.

<sup>10</sup>Sa araw na iyon, aanyayahan ninyo ang isa’t isa sa lilim ng inyong mga punong ubas at igos. Ito ang sabi ni Yawe ng mga Hukbo.

**Ikalimang pangitain**

**4** • <sup>1</sup>Bumalik ang anghel na nakipag-usap sa akin at tinapik ako tulad ng ginagawang paggising sa natutulog. <sup>2</sup>Tinanong niya

ako: “Ano’ng nakikita mo?” Sumagot ako: “Isang lamparang lantay na ginto, na may sisidlan sa ibabaw na kinalalagyan ng pitong ilawan na may pitong mitsa. <sup>3</sup>May dalawa ring punong olibo sa tabi nito, isa sa kanan at isa sa kaliwa.”

<sup>4</sup>Itinanong ko sa anghel na kausap ko: “Ano ang mga ito, panginoon?” <sup>5</sup>Sumagot siya: “Hindi mo ba alam kung ano ang mga ito?” Sumagot ako: “Hindi, panginoon.”

<sup>6</sup>Sinabi niya: <sup>10b</sup>“Ang pitong ito ang mga mata ni Yawe na nakatuon sa buong daigdig.”

<sup>11</sup>Tinanong ko ang anghel: “Ano naman ang dalawang punong olibo sa kanan at sa kaliwa ng patungan ng lampara? <sup>12</sup>Ano ang dalawang sanga ng olibo na nasa tabi ng dalawang gintong tubo na dinadaluyan ng ginintuang langis?”

<sup>13</sup>Sumagot siya: “Hindi mo ba alam kung ano ang mga ito?” Sinabi ko: “Hindi, panginoon.”

<sup>14</sup>Kaya sinabi niya: “Ang mga ito ang dalawang pinahiran ng sariwang langis para maglingkod sa Panginoon ng sangkalupaan.”

<sup>6b</sup>Ito ay isang salita ni Yawe kay Zorobabel: “Hindi sa lakas ni sa kapangyarihan, kundi sa aking Espiritu. <sup>7</sup>Ano ka, O makapangyarihang bundok? Papatagin ka sa harap ni Zorobabel. Huhukayin ka niya hanggang sa pinakahuling batong nasa tuktok ng Templo sa gitna ng sigawang: Pagpalain! Pagpalain!”

<sup>8</sup>Dumating sa akin ang salita ni Yawe: <sup>9</sup>“Mga kamay ni Zorobabel ang naglagay ng pundasyon ng Bahay na ito; kamay rin niya ang magtatapos nito. (At makikilala ninyo na si Yawe ng mga Hukbo ang nagpadala sa akin sa inyo.)

<sup>10</sup>Sapagkat maging ang mga humahamak sa maliliit na bagay ay magagalak sa araw na iyon pagkakita sa batong pantaluktok na hawak ni Zorobabel.”

**Ikanim na pangitain**

**5** <sup>1</sup>Muli akong tumingala at nakita ko ang isang lumilipad na rolyo. <sup>2</sup>Tinanong niya ako: “Ano’ng nakikita mo?” At sumagot ako: “Isang rolyong lumilipad, tatlumpung talampakan ang haba at labinlimang talampakan ang lapad.”

• **3.1** Waring ipinagpapauna ng bagong pangitain ito ng Punong-paring si Josue ang pagpapani-bago sa pagkapari. Sa simula’y inihahambing si Josue sa buong bayan, malungkot at nagluluxsa sa pagbabayad-sala. At pagkatapos ay si Josue na lamang ang tinutukoy nito, at ibinabalita ang pagkaparing darating, ang pagkapari ni Kristo, na hinirang ng Diyos bilang tagapamagitan niya at ng mga tao.

*Dadalhin ko riyang ang aking lingkod, ang Usbong.* Ang Walang-hanggang Tagapagligtas ang magiging binhing sisibol mula sa mga tao.

• **4.1** *Ikalimang pangitain: mapapasailalim ang bagong Israel sa kapwa kapangyarihang sibil at panrelihiyon. At kapwa magiging tapat sa Diyos ang dalawa.*

*Ikanim: ipagtatabuyan mula sa bagong lunsod ang mga masama at mga magnanakaw.*

*Ikapito: ang kasamaan mismo ay palalayasin.*

*Ikawalo: inaalaala ang una. Pinaghahandaan sa daigdig ng mga tagapagbalita ni Yawe ang katuparan ng kanyang plano ng Pagliligtas.*

<sup>3</sup>Sinabi niya sa akin: “Ito ang sumpang lalaganap sa buong lupain. Nakasulat sa isang bahagi nito na palalayasin ang lahat ng magnanakaw; sa kabilang bahagi naman, palalayasin ang lahat ng nanunumpa sa kabulaanan.”  
<sup>4</sup>Sinasabi ni Yawe: Ipadadala ko ito para pumasok sa bahay ng magnanakaw, at sa bahay ng nanunumpa sa kabulaanan. Titigil ito sa bahay na iyon at wawasakin iyon – ang mga kahoy at mga bato nito.”

#### **Ikapitong pangitain**

<sup>5</sup>Lumapit ang anghel na kausap ko at sinabi: “Tumingala ka at tingnan ang lumilitaw.” Nagtanong ako: “Ano iyon?” Sumagot siya: “Isa iyang malaking takalan. Iyan ang kasalanan ng mga tao sa buong lupain.”  
<sup>7</sup>Inangat niya ang takip na tingga; at isang babae ang nakaupo sa loob.  
<sup>8</sup>“Iyan ang kasamaan,” sabi niya at itinulak itong paloob at tinakpan ng tingga ang takalan.

<sup>9</sup>Tumingala ako at may dalawang babaeng binubuhay ng hangin ang mga pakpak na tulad ng sa tagak. Binuhay naman nilang papaitaas ang takalan.  
<sup>10</sup>Tinanong ko ang anghel na kausap ko: “Saan nila dadalhin ang takalan?”  
<sup>11</sup>Sumagot siya: “Sa Babilonia para ipagtayo ito ng bahay at ilagay doon sa lugar nito.”

#### **Ikawalong pangitain**

**6** <sup>1</sup>Muli akong tumingala at may apat na karwaheng galing sa pagitan ng dalawang bundok na tanso.  
<sup>2</sup>Hila ng mga pulang kabayo ang unang karwahe, ng mga itim naman ang ikalawa,  
<sup>3</sup>ng mga puti ang ikatlo at ng mga abuhin ang ikapat.  
<sup>4</sup>Tinanong ko ang anghel na kausap ko: “Ano ang mga ito, panginoon?”

<sup>5</sup>Sumagot ang anghel: “Ito ang apat na hangin sa langit, na galing mula sa pagharap sa Panginoon ng sangkalupaan. Papunta sa silangang bansa ang karwaheng hila ng mga kabayong pula,  
<sup>6</sup>pahilaga naman ang hila ng mga itim na kabayo, pakanluran ang hila ng mga puting kabayo, at patimog naman ang hila ng mga kabayong abuhin.”

<sup>7</sup>Nang magpiglas sa paglakad ang mga kabayo, sinabi sa kanila ng anghel: “Sige, libutin ninyo ang lupa!” at tumakbo ang mga kabayo.

• **7.4** Tinatanong ang mga nasa kapangyarihan kung marapat ba o hindi ang magpatuloy sa pag-aayuno. Inuulit ng propeta ang aral ng mga nauna sa kanya, ang aral na binuod sa pangungusap na ito ni Oseas: “Pag-ibig ang hangad ko, sabi ng Diyos, at hindi nga paghahandog.” Uulitin din ni Kristo ang pangungusap na ito para sa mga mas pinagkakaabalahan pa

<sup>8</sup>Tinawag ako ng anghel: “Tingnan mo’t punta sila sa lupain sa hilaga; ilalagay nila ang aking espiritu sa lupain ng hilaga.”

<sup>9</sup>Dumating sa akin ang salita ni Yawe:  
<sup>10</sup>“Kumuha ka ng mga handog mula sa mga bihag na nagsibalik, kina Helday, Tobias at Yedaya, at pumunta ka ngayon din sa bahay ni Yosias na anak ni Sefanias. Doon sila tumuloy mula sa Babilonia.”  
<sup>11</sup>Kumuha ka sa kanila ng pilak at ginto at gawin mong korona, at iputong sa ulo ng Punong-paring si Josue na anak ni Yosadak.  
<sup>12</sup>Sabihin mo sa kanya ang mga salitang ito ni Yawe ng mga Hukbo: Narito ang taong *Usbong* ang pangalan. Mag-uusbong siya mula sa kanyang kinaroroonan.  
<sup>13</sup>Siya ang magtatayo sa Templo ni Yawe, at tatanggapin niya ang kapangyarihan.

Luluklok siya sa kanyang trono at maghahari. May pari ring luluklok sa trono, at magkakaroon sila ng pagkakaisa.  
<sup>14</sup>Mananatili naman sa Templo ni Yawe ang mga korona bilang alaala ng ginawa nina Helday, Tobias, Yedaya at ni Butihing anak ni Sefanias.  
<sup>15</sup>Darating ang mga galing sa malayo at tutulong sa pagtatayo ng Templo ni Yawe, at malalaman ninyong ipinadala ako sa inyo ni Yawe ng mga Hukbo. Mangyayari ito kung taimtim ninyong pakikngan ang tinig ni Yaweng inyong Diyos.”

**7** <sup>1</sup>Sa ikapat na araw ng ikasiyam na buwan na buwan ng Kislev, sa ikapat na taon ng paghahari ni Dario, dumating ang salita ni Yawe kay Zacarias.

<sup>2</sup>Pinapunta ng mga taga-Betel sina Saresa at Regemelek, kasama ng kanilang mga tauhan, para makiusap kay Yawe  
<sup>3</sup>at para itanong sa mga pari ng Bahay ni Yawe ng mga Hukbo, at sa mga propeta: “Dapat ba kaming magluksa at mag-ayuno sa ikalimang buwan gaya ng maraming taon na naming ginawa?”

#### **Ang tunay na relihiyon**

• <sup>4</sup>At dumating sa akin ang salita ni Yawe ng mga Hukbo:  
<sup>5</sup>“Magsalita ka sa lahat ng nasa lupain at sa mga pari, sabihin mo sa kanila: Nang mag-ayuno kayo at magluksa sa ikalima at ikapitong

ang pagsasagawa ng mga seremonyang panrelihiyon kaysa pagsasabuhay ng tunay na pag-ibig sa Diyos.

May mga tao pa rin ngayon na naniniwalang puwede silang makipag-areglo sa Diyos sa pamamagitan ng mga sakripisyo at regalo, at para makatanggap ng mga biyaya. Pero ang tunay na relihiyon ay ang sinasabi ni Zacarias at ang sasabihin din ng sulat ni Jaime.

buwan nitong nagdaang pitumpung taon, talaga bang para sa akin ang inyong pag-aayuno? <sup>6</sup>Di ba't kayo mismo ang mga nagpasyang kumain at uminom o kaya'y hindi? <sup>7</sup>Baka naman nakalimutan ninyo ang sinabi ni Yawe sa naunang mga propeta? Mapayapa pa noon at masagana ang Jerusalem at ang mga karatig-bayan nito, at pinamamayanan ang Negeb at ang paanan ng mga burol sa kanluran."

<sup>8</sup>Sinabi ni Yawe <sup>9</sup>at sinasabi niya ngayon: Humatol nang matapat at maging mabuti at maawain sa isa't isa. <sup>10</sup>Huwag apihin ang mga biyuda o ang mga ulila, ang mga dayuhan o ang mga dukha. Huwag mag-isip gumawa ng masama laban sa isa't isa.

<sup>11</sup>Ngunit ayaw nilang makinig; nagmatigas silang tumalikod at tinakpan ang kanilang mga tainga. <sup>12</sup>Ginawa nilang sintigas ng batong kiskisan ang kanilang puso. Inayawan nila ang Batas o ang mga salita ni Yawe ng mga Hukbo, na sinabi ng kanyang espiritu sa naunang mga propeta. Kaya sa tindi ng galit ni Yawe ng mga Hukbo, <sup>13</sup>ipinahayag niyang dahil hindi sila nakinig nang tumawag siya, hindi rin niya pakikinggan ang tawag nila. <sup>14</sup>At pinangalat niya sila na parang tangay ng ipuipo sa mga bansang hindi nila kilala, at natitiwangwang naman ang lupaing kanilang iniwan at walang sinumang makapagdaan doon. Kaya naging dyserto ang isang matabang lupain dahil sa kanila."

**8** • <sup>1</sup>Muling dumating sa akin ang isang salita ni Yawe ng mga Hukbo: <sup>2</sup>"Lubha akong nagseselos sa Sion; alang-alang sa kanya'y naglagablab ang aking galit. <sup>3</sup>Sinasabi

• **8.1** Ipinahahayag ng Diyos ang buo niyang pagmamahal sa kanyang bayang pinili, na kinakatawan ng kanilang siyudad, ang Jerusalem. Ipinangangako niya ang kasaganaan at ang tuwa ng kaligtasan. Pero higit sa lahat, ipinadidiskubre niya sa kanila ang kanilang papel sa mundo: ang maging simula ng pagbubuklod ng lahat ng bayan.

Mga salita ng pag-asa ang mga ito para sa atin, pero inaanyayahan din tayo ng mga ito na mabuhay sa paraang talagang makikita ng mga di-sumasampala-

ni Yawe: Babalik ako sa Sion at mananahan sa Jerusalem. Tatawaging *Siyudad ng Katapatan* ang Jerusalem at *Bundok ng Kabanalan* ang Bundok ni Yawe ng mga Hukbo."

<sup>4</sup>Nagsasalita si Yawe ng mga Hukbo: "Muling mauupo sa mga liwasan ng Jerusalem ang matatandang lalaki at babae, may hawak na tungkod ang bawat isa dahil sa katandaan. <sup>5</sup>Mapupuno ng mga batang naglalaro ang mga kalye ng siyudad."

<sup>6</sup>Sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: "Kung imposible ito sa tingin ng mga bumalik mula sa pagkatapon, imposible rin kaya ito para sa akin?" – salita ni Yawe.

<sup>7</sup>Ang wika ni Yawe ng mga Hukbo: "Ililigtas ko ngayon ang aking bayan. <sup>8</sup>Dadalhin ko sila mula sa silangan at sa kanluran, at maninirahan sila sa Jerusalem. Magiging bayan ko sila, at magiging Diyos nila ako sa katotohanan at katarungan."

<sup>9</sup>Sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: "Narinig ninyo ngayon ang mga salita ng mga propeta. (Sa araw ngang ito inilagay ang batong pundasyon para sa muling pagtatayo ng Templo.) Kaya huwag kayong masiraan ng loob. <sup>10</sup>Bago sumapit ang panahong ito, wala pang suweldo ang tao, at walang pagkain ang hayop, walang kaligtasan ang naglalakbay dahil sa mga panambang. Pinabayaan ko ngang mag-away-away ang isa't isa. <sup>11</sup>Ngunit mula ngayo'y mag-iiba na ako ng pakikitungo sa nalabi sa bayang ito," sabi ni Yawe.

<sup>12</sup>"Ihahasik ko ang kapayapaan. Magbibigay ng bunga ang ubas, ng ani ang lupa, ng hamog ang langit, at ibibigay ko ang lahat ng ito sa nalabi sa bayang ito.

<sup>13</sup>Kung paano kayong naging isang sumpa sa piling ng mga bansa, ngayon nama'y ililigtas ko kayo, (Juda at Israel) at gagawin ko kayong isang pagpapala.

taya sa Diyos na sumasaatin nga ang Diyos. Magagamit natin dito ang sinabi tungkol sa Is 65: kailangan nating akayin ang ating mga bansa tungo sa kapayapaang ito na puno ng kaligayahan at Diyos lamang ang makagagawa.

*Pansinin sa 8:8 ang ekspresyong: "Magiging bayan ko sila, at magiging Diyos nila ako." Ito ang karaniwang pangako tungkol sa Mesiyas at tanda ng bagong tipan.*



Huwag matakot, palakasin ang inyong mga kamay!”

<sup>14</sup>Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: “Kung paano kong ipinasyang parusahan kayo at di mahabag dahil ginilit ako ng inyong mga ninuno, <sup>15</sup>ngayon nama’y ipinasya kong pakitunguhan nang mabuti ang Jerusalem at Juda. Huwag matakot! <sup>16</sup>Ito ang gagawin ninyo: Mag-sabi ng totoo sa isa’t isa; magbigay ng hatol tungo sa kapayapaan ang mga hukom, <sup>17</sup>at huwag magbalak ng masama laban sa isa’t isa. Huwag manumpa sa kabulaanan pagkat kinasusuklaman ko ang mga ito” – salita ni Yawe.

<sup>18</sup>Muling dumating sa akin ang salita ni Yawe, at sinabi: <sup>19</sup>“Mula ngayon, magiging araw ng kagalakan at maligayang kapistahan ang mga pag-aayuno sa ikapat, ikalima, ikapito at ika-

sampung buwan para sa Juda. Ngunit mahalina ninyo ang katotohanan at kapayapaan.”

<sup>20</sup>Nagsasalita si Yawe ng mga Hukbo: “Darating ang mga bansa, ang mga nasa malalaking siyudad. <sup>21</sup>Mag-uusap ang mga magkakaibang-bayan: ‘Tayo na, manikluhod kay Yawe at hanapin si Yawe ng mga Hukbo. Handa na kami.’

<sup>22</sup>Maraming malalaking bayan at malalakas na bansa ang darating sa Jerusalem para hanapin si Yawe ng mga Hukbo at manikluhod sa kanya.”

<sup>23</sup>Sinasabi sa inyo ni Yawe ng mga Hukbo: “Sa mga araw na iyon, sampung lalaking galing sa iba’t ibang wika at lupain ang hahawak sa laylayan ng damit ng isang Judio at magsasabing ‘Sasama kami sa iyo pagkat narinig naming sumasainyo ang Diyos’.”

### IKALAWANG BAHAGI NG AKLAT

**9** • Isang hula; salita ni Yawe.

<sup>1</sup>Pumunta si Yawe sa lupain ng Hadrak at nananahan sa Damasco pagkat kanya ang mga lungsod ng Aram, at ang mga tribu ng Israel. <sup>2</sup>Kanya rin ang Hamat na nasa hanggahan, ang Tiro at Sidon na may mga taong magaling. <sup>3</sup>Nagtayo naman ang Tiro ng tanggulan at nagtipon ng pilak na parang alikabok at gintong gaya ng dumi sa lansangan. <sup>4</sup>Ngunit kukuning lahat ng Panginoon ang kanyang mga pag-aari at wawasakin ang kanyang kapangyarihan sa dagat at tutupukin siya sa apoy.

<sup>5</sup>Makikita iyon ng Askalon at matatakot ito; mamimilipit sa hirap ang Gaza at mawawalan ng pag-asa ang Ekron. Mawawalan ng hari ang Gaza, at ng mga tao ang Askalon; <sup>6</sup>mga mestiso naman ang maninirahan sa Asdod. Puputulin ko ang kayabangan ng mga Pilisteo. <sup>7</sup>Aalisin ko ang karneng may dugo sa kanilang bibig at ang pagkaing ipinagbabawal sa kanilang mga ngipin. Sa Diyos ang mga nalabi sa kanila na magiging

parang angkan ng Juda. Matutulad sa mga Jebuseo ang Ekron. <sup>8</sup>Tatayo akong parang bantay sa aking Bahay para pangalagaan ito sa mga dumaring at umaalis. Wala nang aapi sa kanila, sa pagkat alam ko na ang kanilang pagdurusa.

**Dumarating ang iyong hari, sakay ng isang asno**

• <sup>9</sup>Magalak kang lubos, Dalagang Sion! Sumigaw, Dalagang Jerusalem! Dumarating ngayon ang inyong hari, matuwid at matagumpay, pakumbaba at sakay sa isang asno sa bisirong anak ng isang babaeng asno.

<sup>10</sup>Wala nang mga karwahe sa Efraim, wala nang mga kabayo sa Jerusalem, pagkat aalisin niya ang mga iyon.

• **9.1** Dito nagsisimula ang ikalawang bahagi ng aklat (tingnan ang Introduksyon). Ibinabalita ng propeta ang pagpapalaya sa bayan, pagkatapos ng isang napakalupit na pagsubok. Makakamit ng isang mahiwagang Pastol (na isa pang pangalan para sa Mesiyas) ang pagpapalayang ito sa oras na gisingin niya sa kanila ang damdamin ng pagsisisi matapos siyang itakwil at patayin ng kanyang bayan. Ipinat-

paalaala sa atin ng mga tekstong ito ang mga Awit ng Lingkod ni Yawe sa ikalawang bahagi ng Aklat ni Isaias.

• **9.** Ibinabalita ang mapagpakumbabang Mesiyas. Sa pagpasok ni Jesus sa Jerusalem sa Linggo ng Palaspas, hangad niyang isakatuparan ang mismong sinasabi ng propesiyang ito (tingnan ang Mt 21:5).

Sisirain ang pana ng mandirigma kapag pinatahimik niya ang mga bansa.

Maghahari siya sa magkabilang-dagat, mula sa Ilog hanggang sa dulo ng daigdig.

<sup>11</sup> Alang-alang sa pakikipagtipang pinagtibay ng dugo, palalayain ko ang mga anak mong nakakulong sa mga balon. <sup>12</sup> Babalik sa iyo, Sion, ang mga presong walang pag-asa. Ipahahayag ko na gagantimpalaan kita nang doble. <sup>13</sup> Babanatin ko ang Juda na aking pana, at magiging palaso ko ang Efraim. Ipadadala ko ang iyong mga anak, Sion, laban sa mga Griyego! Ikaw ang aking magiging tabak.

<sup>14</sup> Lilitaw si Yawe sa itaas nila; kikislap na parang kidlat ang kanyang mga palaso. Patutunugin ng Panginoon ang kanyang trumpeta at darating siyang parang bagyo mula sa timog. <sup>15</sup> Ipagsasanggalang sila ni Yawe ng mga Hukbo; magtatagumpay sila at tatapakan ang mga batang pantirador. linom sila ng dugo na parang alak, at mapupuno ito gaya ng basong pang-handog, gaya ng sungay sa altar.

<sup>16</sup> Sa araw na iyon, ililigtas sila ni Yaweng kanilang Diyos at ituturing na parang kawan ang kanyang bayan. Kikislap silang parang mga hiyas sa lupain. <sup>17</sup> Napakaganda at napakasaya! Pasisiglahin ng trigo ang kabinataan at ng bagong alak ang kadalagahan!

#### Magtiwala sa Panginoon

**10** <sup>1</sup> Hingin kay Yawe ang ulan sa tag-sibol, at si Yawe ang maygawa ng kidlat at ulan, ang nagbibigay ng pagkain sa tao, halaman at hayop.

<sup>2</sup> Walang saysay ang sinasabi ng mga diyus-diyusang pambahay, at walang pangitaing totoo ang mga manghuhula. Walang ibig sabihin ang kanilang mga panaginip at mga pahayag. Kaya naliligaw na parang tupang walang pastol ang aking bayan. <sup>3</sup> Galit ako sa mga pastol, at parurusahan ko ang mga pinuno.

Dadalawin ni Yawe ng mga Hukbo ang kanyang kawan, gagawin niya itong kanyang makisig na kabayo. <sup>4</sup> Sa kanya manggagaling ang bakal at ang hawakan, ang pana at ang mga

pinuno. <sup>5</sup> Matutulad sila sa mga mandirigma sa labanan, putikan ang tinatapakan. Sumasakanila si Yawe sa kanilang paglaban, kaya matatalo nila ang mga nangangabayo.

<sup>6</sup> Palalakasin ko ang bayan ng Juda at ililigtas ang mga angkan ni Jose. Ibabalik ko silang pauwi pagkat nahahabag ako sa kanila. Mabubuhay silang parang hindi kailanman itinakwil, pagkat akong si Yawe, na kanilang Diyos ang nakaririnig sa kanila.

<sup>7</sup> Ituturing na mga bayani ang mga taga-Efraim at magagalak silang parang nakainom ng alak. Matutuwa ang kanilang mga anak pagkakita nito; magbubunyi kay Yawe ang kanilang mga puso.

<sup>8</sup> Sabi ni Yawe: Sisipulan ko sila para tipunin pagkat tinubos ko sila; pararamihin ko silang gaya ng dati. <sup>9</sup> Ikakalat ko sila sa mga bansa, ngunit aalalahanin nila ako hanggang sa pinakamalalayong lupain. Ang kanilang mga supling ang babalik.

<sup>10</sup> Ibabalik ko sila mula sa Ehipto at titipunin mula sa Asiria. Muli kong ibibigay sa kanila ang Galaad at Lebanon, ngunit magiging masikip ito sa kanila. <sup>11</sup> Tatawirin nila ang Dagat ng Ehipto at matutuyo ang kalaliman ng Nilo. Ibabagsak ko ang kayabangan ng Asiria at mawawalan ng hari ang Ehipto. <sup>12</sup> Palalakasin ko sila, sabi ni Yawe, at magmamalaki sa aking Pangalan.

**11** <sup>1</sup> Buksan ang iyong mga pintuan, Lebanon, upang matupok ng apoy ang iyong mga sedro. <sup>2</sup> Managhoy kayo, mga sipres, pagkat nabuwal na ang sedro. Ibinagsak ang mga malalaki. Manangis kayo, mga ensina ng Basan, pagkat pinutol ang makapal na gubat. <sup>3</sup> Dinggin ang daing ng mga pastol dahil sa pagkawasak ng maganda nilang pastulan. Pakinggan ang ungol ng mga batang leon dahil sa pagkatiwangwang ng matabang kapatagan ng Jordan.

#### Ang halimbawa ng mabuting pastol

• <sup>4</sup> Sinabi sa akin ni Yaweng aking Diyos: “Pastulin mo ang tupang kakatayin, <sup>5</sup> pagkat kinakatay sila ng mga namimili nang di napaparusahan. Sinasabi naman ng mga nagbibili: ‘Purihin si Yawe! Mayaman na ako!’ Hindi na naawa ang kanilang mga pastol sa kanila.” (<sup>6</sup> Sabi ni Yawe: “Hindi ko na kahahabagan pa ang mga

• **11.4** *Isa itong talinhaga. Papel mismo ni Yawe ang ginagampanan ng propeta. Parang ito ang gusto nitong sabihin: Dahil tinanggihan ng bayan ang pamumuno ni Yawe, ipapaubaya niya sila sa mga pastol na masasama na magsasamantala sa kanila. Pinaalis si Yawe sa halagang tatlumpung pirasong*

*pilak. Isang mahiwagang pahayag na aalalahanin ng Ebanghelyo sa paglalahad sa pagkakanulo ni Judas (tingnan ang Mt 27:1-10). Sa ibang dako sa Biblia, nagbabanta ang Diyos sa masasamang pinuno. At sa pagkakataon namang ito, sinisisi niya ang bayan sa pagkakaroon ng mga pastol na marapat sa kanila.*

nasa lupaing ito. Ipapaubaya ko ang bawat isa sa kapangyarihan ng kanyang pastol at sa kanyang hari. Aapihin nila ang lupain, hindi ko na ililigtas ang bayang ito sa kanilang kapangyarihan.”)

<sup>7</sup>Kaya naging pastol ako ng tupang kaka-tayin at nagkaroon ako ng isang pares na tungkod – tinawag kong *Kagandahang-loob* ang isa at *Pagkakabuklod* naman ang isa pa. Pinastol ko ang aking kawan. <sup>8</sup>Sa loob ng isang buwa’y pinalayas ko ang tatlong pastol. Ngunit ininis ako ng mga tupa at sila nama’y nainis sa akin. <sup>9</sup>Kaya sinabi ko: “Hindi na ako ang magiging pastol ninyo. Mamatay na ang namamatay at malipol ang nalilipol; maglapaan na ang matitira.” <sup>10</sup>Kinuha ko ang aking tungkod na tinatawag na *Kagandahang-loob* at binali ito para sirain ang pakikipagtipan ko sa lahat ng bansa.

<sup>11</sup>Nabali iyon nang araw na iyon, kayat nalaman ng mga negosyante ng tupa na nakakita nito na si Yawe ang nagsalita. <sup>12</sup>Sinabi ko sa kanila: “Kung payag kayo, bayaran ninyo ang aking suweldo; at inyo na kung ayaw ninyo!” Kaya kinuwenta nila ang aking suweldo, tatlum-pung pirasong pilak. <sup>13</sup>At sinabi sa akin ni Yawe: “Ihagis mo iyan sa kabang-yaman, ang malaking halagang iyan na kanilang presyo sa akin!” Kaya kinuha ko ang tatlum-pung pirasong pilak at inihagis sa kabang-yaman sa Bahay ni Yawe.

<sup>14</sup>Pagkatapos ay binali ko ang ikalawa kong tungkod na *Pagkakabuklod*, bilang pagputol sa pagkakapatiran ng Juda at Israel.

<sup>15</sup>Sinabi ni Yawe sa akin na magdamit gaya ng isang hangal na pastol: <sup>16</sup>“Sapagkat maglalagay ako ng isa pang pastol sa lupain na magwawalang-bahala sa mga tupang nawawala, di maghahanap sa naliligaw, ni magaalaga sa nasaktang tupa, ni magpapastol sa matitira. Sa halip ay kakanin niya ang karne ng matatabang tupa at bubunutin ang kuko ng mga iyon.”

<sup>17</sup>Kawawa ang pastol na walang-silbi, na nagpapabaya sa kawan!  
Mataga nawa ng tabak ang kanyang braso at ang kanyang kanang mata!  
Manguluntoy nawa ang kanyang braso at mabulag ang kanyang kanang mata!

### Ang pinakahuling digmaan

**12** • <sup>1</sup>*Isang pangitain.*

Ito ang salita ni Yawe tungkol sa Israel, ni Yawe na naglatag sa kalangitan, naglagay sa pundasyon ng lupa at bumuo sa espiritung nasa tao: <sup>2</sup>“Ngayo’y ginagawa kong baso ang Jerusalem, na magpapasuray sa mga bansang sasalakay sa kanya.

<sup>3</sup>Sa araw na iyon, gagawin kong isang di-matinag na bato ang Jerusalem para sa lahat ng bansa sa lupa. Magkakaisa silang lahat laban sa kanya ngunit masasaktan ang lahat ng magtangkang mag-angat sa bato.”

<sup>4</sup>Sabi ni Yawe: “Sa araw na iyon, maghahasik ako ng sindak sa mga kabayo at masisira ang ulo ng mga sakay ng mga iyon. Bubulagin ko ang mga kabayo ng mga bansa; ngunit babantayan ko naman ang Juda. <sup>5</sup>At sasabihin ng mga angkan ng Juda: ‘Nakay Yawe ang tatag ng mga taga-Jerusalem.’

<sup>6</sup>Sa araw na iyon, gagawin kong posporong may sindi sa isang salansan ng kahoy ang mga angkan ng Juda, parang nagliliyab na sulo sa gitna ng mga bigkis ng trigo. Tutupukin nila sa kaliwa’t kanan ang lahat ng nakapalibot na bansa; ngunit di matitinag ang Jerusalem.

<sup>7</sup>Ililigtas muna ni Yawe ang mga bayan at kanayunan ng Juda, at baka magmalaki ang sambahayan ni David at ang mga taga-Jerusalem at hamakin ang bayan ng Juda.

<sup>8</sup>Sa araw na iyon, pangangalagaan ni Yawe ang mga nasa Jerusalem; matutulad kay David ang mahihina sa kanila, at mangunguna sa kanila ang sambahayan ni David gaya ng Diyos.

<sup>9</sup>Sa araw na iyon, sisimulan kong wasakin ang lahat ng bansang sumalakay sa Jerusalem.

<sup>10</sup>Isang espiritu ng pag-ibig at pagtitiwala ang ibubuhos ko sa angkan ni David at sa mga taga-Jerusalem para tumingin sa akin. Pagmamasdan nila ang kanilang sinibat. Ipagluluksa nila siya tulad ng pagluluksa sa kaisa-isang anak, at buong pait na tatangis na tulad ng pagtangis sa isang panganay na anak. <sup>11</sup>Sa araw na iyon, magiging sintindi ng iyakan sa Hadad

• **12.1** Ipinahahayag ng kabanatang ito ang nakanalulumong pangyayari na lubhang madarama ng sambayanang Judio: ang lahat ng bansa laban sa kanila na iniligtas ng Diyos. Ipinahihawatig ng mga berso 8-11 na aalalahanin ni Juan sa Jn 19:37 at Pagbubunyag 1:7 ang misteryo ng pagkamatay ni Kristo. Maniniwala ang mga Judio kapag nakita nila ang kanilang sinibat.

Mula sa kanyang sakripisyo bubukal ang bukal na nabanggit sa 13:1, ang bukal ng kapatawaran at kabanalan.

Pansinin na si Hadad Rimón ay isang diyos ng mga Penicio. Ipinagdiriwang taun-taon ng mga taga-kapatagan ng Megiddo ang kanyang pagkamatay.

Rimon sa kapatagan ng Megiddo ang iya-kan sa Jerusalem.

<sup>12</sup> Kanya-kanyang pagluluksa ang gagawin ng bawat angkan: ang angkan ni David nang bukod ang kanilang mga maybahay, ang angkan ni Natan nang bukod ang kanilang mga maybahay, <sup>13</sup> ang angkan ni Levi nang bukod ang kanilang mga maybahay, ang angkan ni Simei nang bukod ang kanilang mga maybahay, <sup>14</sup> at pati ang lahat ng iba pang mga angkan na nakabukod ang kani-kanilang mga maybahay.

**13** • <sup>1</sup> Sa araw na iyon, magkakaroon ng isang bukal na laging dadaloy para sa angkan ni David at sa mga taga-Jerusalem upang linisin sila sa kasalanan at karumihan.

<sup>2</sup> Sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: “Sa araw na iyon, papawiin ko mula sa lupain ang mga pangalan ng mga diyus-diyusan at hindi na sila babanggitin pa. Aalisin ko rin sa lupain ang mga propeta at ang maruruming espiritu. <sup>3</sup> Kapag may propetang nanghula, sasabihin sa kanya ng kanyang ama at ina na nagsilang sa kanya: ‘Dapat kang mamatay dahil nagsinungaling ka sa ngalan ni Yawe.’ At sa panghuhula niya, mga magulang niya mismo ang sasaksak sakanya.

<sup>4</sup> Sa araw na iyon, ikahihiya ng mga propeta ang kani-kanilang propetikong pangitain at

hindi na sila magsusuot pa ng balahibo ng hayop na ginagamit nila sa panlilinlang. <sup>5</sup> Sa halip, sasabihin nila: ‘Hindi ako propeta. Ako’y magsasakang naglilintang na sa lupa mula pa sa pagkabata.’ <sup>6</sup> At kung may magtanong: ‘Ano ngayon ang mga sugat na ito sa mga kamay mo?’, isasagot niya: ‘Nasugatan lamang ako sa bahay ng aking kaibigan.’”

#### Pinakahuling pag-uusig

• <sup>7</sup> “Gumising ka, tabak, laban sa aking pastol, laban sa taong malapit sa akin!” sabi ni Yawe ng mga Hukbo. “Tagain ang pastol at mangangalat ang mga tupa. Babalingan nga ang maliliit. <sup>8</sup> Dalawang katlo sa buong lupain ang malilipol, sinasabi ni Yawe, at sangkatlo lamang ang malalabi. <sup>9</sup> Sa apoy ko lilinisin ang sangkatlong ito; dadalisayin ko silang gaya ng pagdalisay sa pilak; uuriin ko siya, tulad ng pag-uuri sa ginto. Tatawag siya sa aking Pangalan at pakikinggan ko siya. Sasabihin ko: ‘Siya ang aking bayan,’ at sasabihin naman niya: ‘Si Yawe ang aking Diyos.’”

#### Isang pang paglalarawan sa pinakahuling digmaan

**14** • <sup>1</sup> Itinakda ni Yawe ang isang araw na paghahati-hatian ang mga sinamsam sa kalagitnaan mo. <sup>2</sup> Titipunin ko ang lahat ng bansa para salakayin ang Jerusalem. Sasakupin ang lungsod, sasamsaman ang mga bahay, at gagahasain ang mga babae. Ipatatapon ang kalahati ng lungsod, ngunit mananatili sa siyudad ang iba pa. <sup>3</sup> Pagkaraa’y didigmangin ni Yawe ang mga bansa gaya ng ginagawa niya sa araw ng digmaan. <sup>4</sup> Sa araw na iyon, tutuntong siya sa

• **13.1** Sa mga huling araw bibigyang-kasagutan ang pagkauhaw sa kapatawaran na ginising mismo ng Biblia sa mga sumasampalataya (tingnan ang Jn 7:37 at 20:22). Katulad ng ilog na umaagos mula sa Templo (Ez 47) ang bukal na binabanggit dito.

*Aalisin ko rin sa lupain ang mga propeta at ang maruruming espiritu.* Tapos na ang panahon ng mga dakilang propeta at alam ng sumulat ng mga linyang ito na ang mga natitira na lamang ay ang mga manghuhula, mga sinungaling at mga nagdudunung-dunungan. Wala nang lugar para sa mga ito sa isang pamayanang tumanggap sa lahat ng katotohanang maipahahayag sa atin ng Diyos sa persona ng kanyang Anak.

• <sup>7</sup> Isa pang tekstong tumutukoy sa mabuting pastol na *sinugatan ni Yawe*. Nangangahulugan ito na masusugatan ang Pastol at gagamitin ni Yawe ang pangyayaring ito para sa kanyang planong pagliligtas. Tingnan ang sinasabi sa Is 66:8 tungkol sa paraang ito ng pagsasalita ng mga Judio.

Aalalahanin ni Mateo ang lugar na ito sa 26:31.

• **14.1** Inilalarawan ng kabanatang ito sa paggamit ng mga kahanga-hangang larawan ang kaharian ng Diyos na itatatag pagkatapos ng malaking pagsubok. Pangitain tungkol sa Jerusalem sa langit na babalikan at sasariwain ni apostol Juan sa kanyang Pagbubunyag. Nadiskubre ng lahat ng bansa sa daigdig ang Diyos na buhay at dumarating sila para sumamba sa kanya. Nakakatulad ito sa katapusan ng kabanata 66 ng Isaias.

*Darating si Yawe kasama ang lahat niyang mga banal* (5). Ito ang kanyang mga anghel na pinagkatiwalaan ng kanyang mga gawa, gaya ng nasa Salmo 89:6; 138:2; 149:1. Tingnan ang Mt 16:27.

Sa bagong Jerusalem, ang relihiyon ay hindi na magiging gawaing hiwalay sa iba pang gawain ng tao. Ang mga tao ay hindi na magiging mga mananam-palataya lamang kung araw ng Linggo sa kanilang pagsisimba, at sa ibang mga araw nama’y walang ipinag-iba sa mga taong mapurol ang diwa at makasalanan. Sa halip, lahat ay magiging banal. Sinasabi ito ni Zacarias sa paggamit ng mga ideang ayon sa kanyang panahon (b. 20-21).



Bundok ng mga Olibo na nasa silangan ng Jerusalem, at mahahati sa dalawa ang Bundok ng mga Olibo, mula sa silangan pakanluran, at magkakaroon ng isang malalim na lambak. Mapapasahilaga ang kalahati ng bundok at patimog naman ang kalahati pa. <sup>5</sup>Dadaan kayo sa aking lambak sa pagtakas ninyo, gaya ng pagtakas ninyo sa lindol noong mga araw ni Ozias na hari ng Juda.) At darating si Yawe kasama ang lahat niyang mga banal.

<sup>6</sup>Sa araw na iyon, wala nang liwanag, lamig o yelo. <sup>7</sup>Magiging pambihirang araw iyon, na alam ni Yawe; walang araw o gabi, sapagkat may liwanag pa rin sa gabi.

<sup>8</sup>Sa araw na iyon, dadaloy ang tubig na buhay mula sa Jerusalem, ang kalahati'y patungo sa dagat sa silangan at ang kalahati pa'y patungo sa dagat sa kanluran, sa tag-araw man o taglamig. <sup>9</sup>At maghahari si Yawe sa sangkalupaan. Sa araw na iyon, tanging si Yawe lamang at ang kanyang Pangalan lamang.

<sup>10</sup>Magiging kapatagan ang buong lupain mula Geba hanggang Rimon sa timog ng Jerusalem. Ngunit itataas ang Jerusalem sa kinaroroonan nito, mula sa Pintuan ng Benjamin hanggang sa lugar ng matandang pintuan, at hanggang sa Panulukang Pintuan, at mula sa tore ng Hananeel hanggang sa pisaan ng ubas ng hari. <sup>11</sup>Wala nang kapahamakang katatakutan ang mga tagaroon. Magiging payapang tirahan nga ang Jerusalem.

<sup>12</sup>Ito ang magiging parusa ni Yawe sa lahat ng bansang sumalakay sa Jerusalem: mabubulok ang kanilang laman sa pagkakatayo, mabubu-

lok ang kanilang mga mata sa kinaroroonan at ang kanilang dila sa kanilang bibig. <sup>15</sup>Gayon ding salot ang sasalakay sa mga kabayo, kamelyo at asno, at sa lahat ng hayop sa kanilang mga kampo. <sup>13</sup>Sa araw na iyon, daranas sila ng napakatinding sindak: sila-sila ang magsusung-gaban at maglalaban-laban.

<sup>14</sup>Naglalaban din sa Jerusalem ang kala-lakihan ng Juda. Maiiwan sa lugar na iyon ang kayamanan ng lahat na kalapit-bansa – mga ginto, pilak at mga damit na napakarami.

<sup>16</sup>Darating taun-taon sa Jerusalem ang mga nalabi sa lahat ng bansa para sumamba sa Hari, kay Yawe ng mga Hukbo, at ipagdiwang ang Piyesta ng mga Kubol. <sup>17</sup>Kung may bayan sa lupa na hindi umakyat sa Jerusalem para sumamba sa Haring Yawe ng mga Hukbo, hindi iyon magkakaulan. <sup>18</sup>Kung ang bayang Ehipto naman ang hindi umakyat para makilahok, sila ma'y pahihirapan din ng salot na laan sa mga ayaw ipagdiwang ang Piyesta ng mga Kubol. <sup>19</sup>Iyan ang magiging parusa sa Ehipto at sa lahat ng bansang ayaw umakyat at magdiwang.

<sup>20</sup>Sa araw na iyon, sa mga kampanya man ng mga kabayo ay masusulat: 'Nakatalaga kay Yawe.' Magiging sagradong gaya ng mga sisidlan ng dugo sa harap ng altar ang mga palayok na lutuan sa Templo ni Yawe. <sup>21</sup>Itatalaga rin kay Yawe ng mga Hukbo kahit ang karaniwang kaldero sa Jerusalem at Juda. Kaya mapag-lulutuan ito ng sinumang nag-aalay ng handog. At mula sa araw na iyon, hindi na magkakaroon ng mangangalakal sa Bahay ni Yawe ng mga Hukbo.



Hindi nagtagal at dumating ang propetang ito kasunod nina Ageo at Zacarias para iwasto ang maraming masamang kaugalian ng pamayanan. Sa pamamagitan ni Malakias, nakikipagtalo si Yawe sa mga nangangatwiran at nagpapapanagot sa kanya at di kumikilala sa kanyang pagmamahal: “Sinasabi ninyong...”

**1** <sup>1</sup>Ito ang mga salitang pahatid ni Yawe sa Israel sa pamamagitan ni Malakias.

<sup>2</sup>Kapag sinabi ni Yawe: “Mahal ko kayo,” sinasabi ninyong: “Paano mo ipinakita ang pag-ibig na iyon?” Kaya itinatanong ni Yawe sa inyo: <sup>3</sup>Di ba’t kapatid ni Jacob si Esau? Ngunit minahal ko si Jacob at kinamuhian si Esau. Nakita ninyo kung paano kong iniwang tiwangwang ang kanyang mga bundok at ipinaubaya ang kanyang lupain sa mga hayop sa disyerto. <sup>4</sup>Kung ipasya ng Edom na muling itayo ang mga guho niyon matapos mawasak, sasabihin naman ni Yawe ng mga Hukbo: Itatayo nila uli pero gigibain ko. Tatawagin ninyo silang “Bansang Isinumpa” at “bansang di kailanman kinalugdan ni Yawe.” <sup>5</sup>Masasaksihan ito ng inyong mga mata, kaya sasabihin ninyo: “Lampas pa sa hanggahan ng Israel ang kapangyarihan ni Yawe.”

#### **Nasaan ang inyong paggalang sa akin?**

• <sup>6</sup>Pinararangalan ng anak ang kanyang ama; iginagalang ng utusan ang kanyang amo. Ngayon, kung ako ay ama, nasaan ang pagpaparantal na ukol sa

akin? Kung ako ay panginoon, nasaan ang paggalang sa akin? Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo sa inyo na mga paring humahamak sa kanyang pangalan. Ngunit itinatanong lamang ninyo: “Paano namin hinamak ang pangalan mo?”

<sup>7</sup>Naghahandog kayo ng maruruming pagkain sa aking altar, ngunit sinasabi ninyo: “Paano ka namin nilapastangan?” Akala ninyo’y walang halaga ang hapag ni Yawe. <sup>8</sup>Sa pag-aalay ninyo ng isang hayop na bulag o pilay o may sakit, hindi ba mali ang ginagawa ninyo? Ganyan kaya ang dalhin mong handog sa gobernador at tingnan mo kung kalulugdan ka niya at tatanggaping mabuti, sabi ni Yawe ng mga Hukbo.

<sup>9</sup>Kaya hilingin ninyo ngayon sa Diyos na kahabagan niya tayo. Ngunit kung kayo mismo ang mga makasalanan, kayo ba ang dudulog sa kanya? <sup>10</sup>Sino sa inyo ang magsasara sa mga pinto ng templo

• **1.6** Kasalanan ng mga taong ang sobra lamang sa kanila ang iniaalay sa Diyos. *Mula sa pagsikat ng araw...* Napapansin ni Malakias na kung ang mga Judio ang bayan ng Diyos, hindi pupuwedeng di nila gawin ang ginagawa ng ibang bayan na matapat na sumasamba sa Diyos ayon sa sarili nilang pamamaraan gayong hindi nila nalaman ang kanyang pagbubunyag.

Kasalanan ng mga paring hindi marunong magturo sa Batas, na siyang tungkulin na dapat nilang gampanan. Kung hindi nila itatalaga ang kanilang sarili na ituro sa bayan ng Diyos ang mga tungkulin nito, hindi

sila pahihintulutan ng Diyos na patuloy na ipagdiwang ang isang panlabas na pagsamba.

Kasalanan ng mga nagpapalayas sa kanilang maybahay. Ipinahihintulot ng Batas at ng mga kaugalian ang pakikipagdiborsyo, pero kasama ang tiyak na mga garantiya para sa babae. Gayunman, sinasabi ni Malakias na magtuturo si Jesus nang may lubos na kapangyarihan sa Mateo 19:1: kalooban ng Diyos sa pag-aasawa ang pananatiling magkasama bilang iisa ang dalawa. Hindi makakapisan ang Diyos ng sinu-mang magtaksil sa kanyang maybahay.

para huwag na kayong parito pang muli at magpaningas ng apoy na walang saysay sa aking altar. Hindi ko kayo kinalulugdan, ni ang inyong mga handog.

<sup>11</sup>At ngayon, mula sa pagsikat hanggang sa paglubog ng araw, dinadakila ng mga bansa ang aking Pangalan. Kahit saa'y nasusunog ang insenso bilang dalisay na alay sa aking Pangalan. Dakila nga ang aking Pangalan sa mga bansa, sabi ni Yawe ng mga Hukbo. <sup>12</sup>Ngunit kayo ang lumalapastangan sa akin sa pagsasabi ninyong marumi ang hapag ng Panginooon at walang halaga ang kanyang pagkain. <sup>13</sup>Ako ang hinahamak ninyo sa pagdaing ninyong hindi ninyo gusto ang pagkaing ito, sabi ni Yawe. Nagdadala kayo ng hayop na nakaw, pilay o may sakit para ialay bilang handog sa akin. Tatanggapin ko ba ang mga iyon mula sa inyo? <sup>14</sup>Sumpain ang mandaraya na matapos mangako ng isang toro mula sa kanyang kawan ay nag-aalay ng isang bansot na hayop. Ako'y haring dakila at ipagpipitagan ang aking Pangalan sa lahat ng bansa, sabi ni Yawe ng mga Hukbo.

#### Babala para sa mga pari

**2** <sup>1</sup>Para sa inyo ang babalang ito, mga pari. Kapag hindi ninyo ito pinakinggan o <sup>2</sup>hindi ninyo dinibdib ang pagluwalhati sa aking Pangalan, sabi ni Yawe ng mga Hukbo, isusumpa ko kayo, pati na ang pagbabasbas ninyo.

Isinumpa ko na ito dahil hindi ninyo dinibdib ang inyong tungkulin. <sup>3</sup>Babaliin ko ngayon ang inyong braso, hahagisan ng dumi ang inyong mukha - ng dumi ng inyong mga handog na hayop - at wawalisin ko kayong kasama ng mga ito. <sup>4</sup>At mauunawaan ninyong ako ang nagbantang tapusin na ang aking pakikipagtipan kay Levi na inyong ama, sabi ni Yawe.

<sup>5</sup>Sumasakanya ang aking tipang buhay at kapayapaan na bigay ko sa kanya. Nagsasaad din iyon ng paggalang, at iginalang niya't dinakila ang aking Pangalan. <sup>6</sup>Itinuro ng kanyang bibig ang tunay na aral, at walang anumang masamang namutawi sa kanyang mga labi. Lumakad siyang kasama ko, payapa at matuwid, at pinalayo ang marami mula sa kasamaan. <sup>7</sup>Nasa mga labi ng pari ang kaalaman,

dapat matagpuan ang Batas sa kanyang bibig, dahil siya ang sugo ni Yawe ng mga Hukbo.

<sup>8</sup>Ngunit lumihis kayo, at marami ang nadapa dahil sa mali ninyong turo. Sinira ninyo ang aking tipan kay Levi. <sup>9</sup>Kaya ipinahamak ko kayo at ipinalibak sa buong bayan sapagkat hindi ninyo tinahak ang aking mga daan at may kinilingan kayo sa inyong mga paghatol.

<sup>10</sup>Hindi ba't may iisang ama tayong lahat? Hindi ba't iisang Diyos ang lumikha sa ating lahat? Kung gayo'y bakit ipinagkakanulo ng bawat isa sa atin ang ating kapatid at nilalapas-tangan ang Tipan ng ating mga ninuno?

<sup>11</sup>Naging taksil ang Juda. Mabigat na pagkakasala ang naganap sa Jerusalem. Nilapastangan ng Juda ang banal na lugar ni Yawe: minahal niya at kinuhang asawa ang anak na babae ng isang banyagang diyos. <sup>12</sup>Ihihiwalay ni Yawe sa sambayanan ni Jacob ang sinumang gumawa niyon. Hindi na siya mag-aalay kay Yawe.

#### Pagpapahalaga sa kasal

<sup>13</sup>May iba pa kayong ginagawang pagkakasala. Sa pagtanggap ni Yawe na tingnan at tanggapin ang inyong mga handog, umiiyak kayo at nananaghoy, at binabaha ng luha ang altar. <sup>14</sup>At saka ninyo itinatanong: "Bakit?"

Dahil nasaksihan ni Yawe kung paano mo pinakitunguhan ang asawang pinakasalan mo sa iyong kabataan. Pinagtaksilan mo siya, gayong siya ang iyong kasama at sa kanya ka nakipagsumpa. <sup>15</sup>Hindi ba't ginawa silang isa ng Diyos at binigyan ng laman at hininga? At ano ang hinahanap nito kundi isang lahing kaloob ng Diyos? Kaya huwag pagtaksilan ang asawang pinakasalan sa iyong kabataan.

<sup>16</sup>Kinamumuhian ko ang diborsiyo, sabi ni Yaweng Diyos ng Israel, at kinamumuhian ko rin ang nagtatakip sa kanyang karahasan. Mag-ingat kayo at huwag magtaksil.

<sup>17</sup>Iniinis ninyo si Yawe sa inyong mga pananalita, at nakapagtatanong pa kayo: "Paano namin siya iniinis?" Sa pagsasabi ninyong minamabuti ni Yawe ang mga gumagawa ng masama at pinabubuti ang lahat para sa mga ito o sa pagtatanong ninyo ng: "Nasaan ang Diyos na makatarungan?"

**Ipinadadala ko ang aking sugo para ihanda ang aking pagdating**

**3** • <sup>1</sup>Nagpapadala ako ngayon ng aking sugo na mauuna sa akin para ihanda ang daan. At agad na papasok sa santuwaryo ang Panginoong hinahanap ninyo. Dumarating na ang pinakananais ninyo, ang sugo ng Tipan, sabi ni Yawe ng mga Hukbo. <sup>2</sup>Sino ang makatatagal sa araw ng kanyang pagdating? Sino ang makakatayo sa pagpapakita niya? Pagkat para siyang apoy sa dalisayan ng bakal, parang lihiyang panlinis.

<sup>3</sup>Gaya ng mandadalisyay o tagapaglaba, lilinis niya ang mga anak ni Levi at dadalisyang parang ginto at pilak. At may makapaghahain kay Yawe nang tama. <sup>4</sup>At malugod na tatanggapin ni Yawe ang alay ng Juda at Jerusalem, tulad sa mga nanungang panahon.

<sup>5</sup>Sabi ni Yawe ng mga Hukbo: Manahanan ako sa piling ninyo para igawad ang katarungan at agad na pagpaparusa sa mga mangkukulam at nakikiapid, sa mga sumusumpa ng kabulaanan, sa mga nang-aalipin sa upahang manggagawa, sa mga ulila, biyuda, at dayuhan. At wala silang takot sa akin sa paggawa nila ng mga ito.

• <sup>6</sup>Akong si Yawe ay walang pagbabago, tulad din ninyo na mga anak ni Jacob na di nagwawakas... <sup>7</sup>Mula pa sa panahon ng inyong mga ninuno lumihis na kayo at hindi tumupad sa aking mga kautusan. Magbalik kayo sa akin at babalikan ko kayo, sabi ni Yawe ng mga Hukbo. Ngunit itinatanong ninyo: “Ba’t kami magbabalik?” <sup>8</sup>Malilinlang kaya ng tao ang Diyos? Ngunit dinadaya ninyo ako at itinatanong pa: “Paano ka namin dinaya?” Sa mga sagradong buwis ninyo at mga ikapung para sa akin. <sup>9</sup>Umaabot sa inyo ang sumpa dahil dinadaya ako ng buo ninyong bansa! <sup>10</sup>Dalhin ninyo sa

• **3.1** *Nagpapadala ako ngayon ng aking sugo.* Narito ang sagot ni Malakias sa mga nagreklamang hindi ipinapakita ng Diyos ang kanyang katarungan o sapat na ginagantimpalaan ang mga naglilingkod sa kanya: ipinahahayag niya na parating na ang Panginoon. At sinasabi niya ang pagdating ng isang tagapagbalita ng Diyos, na pinagkatiwalaang ihanda ang daan para sa kanya, at magiging isang tanda ng

kabang-yaman ng templo ang ikapung bahagi ng lahat nang magkaroon ng pagkain sa aking Bahay. At saka ninyo ako subukin – sabi ni Yawe ng mga Hukbo – pag hindi’y binuksan ko ang mga bintana ng langit at pinabuhos sa inyo ang pinagpalang ulan hanggang sa pinakahuling patak. <sup>11</sup>Itataboy ko ang mga balang para hindi makapaminsala sa inyong mga pananim at di ko palalantahin ang mga punong ubas sa inyong lupain, sabi ni Yawe ng mga Hukbo. <sup>12</sup>Kayababatiin kayo ng lahat ng bansa sapagkat matatampok kayo sa lupain.

<sup>13</sup>Nagsasalita kayo ng masakit laban sa akin, sabi ni Yawe; pagkatapos ay sasabihin naman ninyong: “May masakit ba kaming sinabi laban sa iyo?” <sup>14</sup>Sabi ninyo: “Walang kabuluhang maglingkod sa Diyos. Walang mapapala sa pagtupad sa kanyang mga kautusan o paghihigpit sa sarili alang-alang sa kanya. <sup>15</sup>Maligaya ang mga walanghiya! Lumalago ang mga gumagawa ng masama. Walang masamang nangyayari sa kanila kahit ginagalit nila ang Diyos.”

<sup>16</sup>May kanila namang pag-uusap ang mga may pitagan kay Yawe. Nakikinig si Yawe at naririnig niya ang kanilang sinasabi. At agad naman niyang iniutos na isulat sa libro ang pangalan ng mga may pitagan sa kanya at dumarakila sa kanyang Pangalan.

<sup>17</sup>Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: Magiging akin sila sa araw na kumilos ako. Kahahabagan ko sila, gaya ng pagkahabag ng isang ama sa kanyang masunuring anak.

<sup>18</sup>Kayababag-iiba ninyo ang mabuti sa masama, ang sumusunod sa Diyos sa sumusuway sa kanya.

**4** <sup>19</sup>Dumarating na ang araw, naglalagablab na parang pugon. Sa araw na iyon, susununging parang dayami sa apoy ang lahat ng palalo at gumagawa ng masama. Walang matitirang sanga o ugat sa kanila. <sup>20</sup>Ngunit sisikat sa inyo na may pitagan sa aking Pangalan ang araw ng katarungan na kalusugan ang hatid sa mga sinag nito. Lalabas kayong lumulundag na parang mga pinatabang guya. <sup>21</sup>Yayapakan ninyo ang mga masama, magiging parang abo silang ikinalat sa inyong mga daan kapag ginawa ko ito, sabi ni Yawe.

nalalapit niyang pagdating. Si Juan Bautista ang tinutukoy ng mga ta lata 3:1-2 at 4:22-24 na nagbibigay-kabuuan sa isa’t isa. Aalalahanin ng Ebenghelyo ang mga ito sa Lc 1:17; 7:27; Jn 3:22. Tingnan din ang Mc 9:11.

• 6. Narito ang pakikipagtalos sa mga naghihintay ng mga materyal na gantimpala sa kanilang de-



**Agad kong ipapadala si Elias**

<sup>22</sup> Alalahanin ang batas ng aking lingkod na si Moises, ang mga batas at ordinansang ibinigay ko sa kanya sa Bundok Horeb para sa buong Israel. <sup>23</sup> Isusugo ko sa inyo si Propeta Elias bago dumating

ang dakila at kakila-kilabot na araw ni Yawe. <sup>24</sup> Papagkakasunduin niya ang mga magulang sa kanilang mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga magulang, at baka pagdating ko'y sumpain ko ang lupaing ito.

---

bosyon, at gusto nilang premyuhan sila para sa di nila paggawa ng masama. Pumapayag ang Diyos na makipag-usap sa ganitong mga sumasampalataya, at sa pamamagitan ni Malakias, nagsasalita siya sa

kanila sa wikang puwede nilang maintindihan: kung sila'y magpapakabuti, makikita nila balang araw ang Araw ng katarungan, at lulundag silang parang mga guya at tatapakan ang masasama.